

TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT

MGA HALAMAN AT HAYOP



Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa namiminang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

ANG AMING PANGAKO SA PANGANGALAGA NG HALAMAN AT HAYOP

Lubos naming pinahahalagahan ang aming mga responsibilidad sa kalikasan. Bilang bahagi ng aming pangako sa responsableng pagmimina, aming isinasaalang-alang, sa lahat ng yugto ng Tampakan Mine Project, ang mga potensyal na epekto ng aming mga gawain at kung paano maiiwasan o mapapagaan ang mga ito.

Napag-alaman sa mga pag-aaral bilang bahagi ng EIA na karamihan sa Project area ay lubhang na-istorbo na dahil sa pagtotoroso at pagkakaingin.

Ayon sa mga pag-aaral, walang magaganap na eksplorasyon at pagmimina sa Liguasan Marsh sa lalawigan ng Sultan Kudarat. Napag-alaman din na hindi maaapektuhan ang National Integrated Protected Areas (NIPAS) ng Sarangani Bay o ang mga sensitibong cultural areas ng Mt. Matutum, Mt. Bololomot o Mt. Magalo.

Base sa resulta ng mga teknikal na pag-aaral, napag-alaman na hindi lahat na epekto sa pananim at hayop ay maiiwasan. Ilang bahagi ng kagubatan (humigit-kumulang 1,300 ektarya) ang kinakailangang iclear.

MGA PAMAMARAAN UPANG MAPABABA ANG POTENSAL NA EPEKTO

Upang maiwasan ang potensyal na epekto sa halaman at hayop, kami ay nagpapalano ng ilang mga hakbangin, kabilang ang mga sumusunod:

- Pagtiitay ng walang net loss ng kagubatan sa pamamagitan ng reforestation upang mapalitan ang anumang mapuputol na mga puno
- Pagsasagawa ng vegetation corridor (buffer zone at green offset areas) sa pagitan ng mga lugar na may naiwan pang gubat, sa loob at labas ng project area, upang mapabuti ang koneksyon ng tirahan ng hayop at mabawasan ang potensyal na epekto sa biodiversity.

Magpapatupad ang SMI ng Biodiversity Management Plan (BMP) bilang bahagi ng aming Environmental Management System (EMS) upang mas mabawasan ang mga potensyal na epekto sa mga halaman at hayop sa loob at palibot ng pinaplanong minahan.

Base sa aming pag-aaral, at dahil sa mga estratehiyang nabuo, naniniwala kaming hindi direktang banta ang Mine Project sa mga halaman at hayop sa lugar. Sa katunayan, posible itong makatulong upang ma-regenerate ang mga rainforests at muling dadami ang bilang ng mga hayop sa mga hindi apektadong lugar sa mine site.

AQUATIC ECOLOGY

Pinagaralan din ang mahalagang tirahan ng mga hayop sa mga anyong tubig sa loob ng project area.

Nakita sa mga pag-aaral na ang mga tirahan sa katubigan ay degraded na dahil sa pagkahawan ng mga pananim sa gilid ng ilog o sa mababang kalidad ng tubig dulot ng illegal small scale mining o natural na acid rock drainage.

Napag-alaman din na walang rare o endangered fish, macro invertebrates o aquatic macrophytes sa project area o sa ibabang bahagi ng daluyan ng tubig.




PAGPAPAGAAN SA ANUMANG AQUATIC IMPACT

Maliban sa BMP, kami ay magpapatupad din ng monitoring program sa aquatic ecology sa mga lugar sa ibaba ng project area, pati na ang pagpapagaan sa mga potensyal na epekto sa pamamagitan ng:

- Paggamit ng discharge water quality standards na idinisenyo upang matiyak na walang makabuluhang epekto sa aquatic ecosystem sa ibaba ng minahan
- Pagpapatupad ng mga mahuhusay na standards para sa pagkontrol ng erosion at sedimentation.

Naniniwala kami na ang mga hakbanging ito'y magtitiyak na hindi magkakaroon ng negatibong epekto sa kalapit na aquatic ecology ang Tampakan Mine Project.

KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pagaalala at katanungan tungkol sa aming pinapanlong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.



External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph

ANG MGA KADALASANG KATANUNGAN

Gaano kalawak na lupa ang kailangan i-clear ng SMI?

Ang planong final mine area ay halos 10,000 ektarya. Malaking bahagi ng lugar na ito (70%) ay hindi magagambala ng mga pasilidad ng minahan (gaya ng open-pit, waste rock dump, concentrator, fresh water dam, overland conveyor at administration facilities). Sa mga apektadong lugar, aabot sa 1,300 ektarya ang may mga puno na kailangang putulin. Ang sukat na ito ay 13% ng kabuuang mine site.

Upang mapalitan ang mga punong naputol, magpapatupad kami ng reforestation program na isasagawa sa panahon ng operasyon ng minahan. Magsasagawa din ng rehabilitasyon sa mga nagambalang lugar sa pagsasara ng minahan. Nasimulan na ng SMI ang reforestation sa iilang bahagi ng project area.

Ano ang inyong mga plano upang protektahan at pangalagaan ang mga indigenous flora at fauna sa nasasakupang lugar ng inyong Proyekto?

Upang maprotektahan at mapangalagaan ang mga indigenous flora at fauna, ang SMI ay magtatayo ng re-generation, conservation at off-set areas sa loob o malapit sa mine site. Base sa aming paga-aral, at sa tulong ng mga estratehiyang nabuo, naniniwala kaming hindi direktang banta ang Tampakan Project sa mga halaman at hayop sa rehiyon. Sa katunayan, maari itong makatulong upang ma-regenerate ang mga rainforests at muling dadami ang bilang ng mga hayop sa mga hindi apektadong lugar sa mine site.

Bakit kakailanganin ninyo ang halos 10,000 ektarya kung ang 70% naman nito ay hindi magagalaw?

Maraming mga konsiderasyon upang malaman ang angkop na lawak ng mine site. Kasama na dito ang pagsiguro ng ligtas na operating environment at pagkakaroon ng buffer zone sa paligid ng minahan. Kinakailangan ding ikonsidera ang pinaka-mainam na lokasyon ng mga mahahalagang pasilidad gaya ng concentrator at TSF. Ang mga ito ay itatayo walong kilometro ang layo mula sa open pit. Dahil dito, kailangan ang malawak na lugar upang maisagawa ng maayos at ligtas ang operasyon.

MGA BENEFISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makapaglikha ng mga benepisyong makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na PhP134 bilyon¹ (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina - katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigitkumulang PhP307 bilyon² (nominal) sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39.8 bilyon³ (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Direktang trabaho para sa humigitkumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

¹USD2.8 bilyon. ²USD6.4 bilyon. ³USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48). Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).